

Programa ng Veterans Affairs para sa Komprehensibong Tulong sa mga Kapamilyang

Tagapag-alaga Mga Tungkulin, Responsibilidad at Kinakailangang Impormasyon



Department of Veterans Affairs (VA) Program of Comprehensive Assistance for Family Caregivers (PCAFC) ay isang klinikal na programa na nakatuon sa mga pangangailangan ng nakikilahok na mga Veterans (kabilang dito ang kwalipikadong mga miyembro ng Serbisyo) at kanilang pangunahin at Pangalawa na kapamilyang tagapag-alaga. Lahat ng mga kinakailangan ng PCAFC ay dapat matugunan upang maaprubahan at patuloy na lumahok sa PCAFC. Ang dokumentong ito ay magpaliwanag sa mga tungkulin, responsibilidad, at pangangailangan ng Family Caregivers at Veterans na nakikibahagi sa PCAFC at sa VA Caregiver Support Program (CSP) Teams.



KAPAMILYANG TAGAPAG-ALAGA

Tungkulin

Ang Primary Family Caregiver o pangunahing kapamilyang tagapag-alaga ay isang indibiduwal na itinalaga bilang pangunahing tagapagbigay ng personal na pangangalaga para sa Veteran. Tinukoy ang taong ito sa pinagsamang aplikasyon bilang Primary Family Caregiver at inaprubahan ng VA bilang Primary Family Caregiver para sa mga layunin ng PCAFC.

Ang Pangalawang Family Caregiver ay isang indibiduwal na inaprubahan bilang tagapaglaan ng personal na pangangalaga sa mga serbisyo para sa Veteran at karaniwang naglilingkod bilang tagatulong sa Primary Family Caregiver. Tinukoy ang taong ito sa pinagsamang aplikasyon bilang Pangalawang Pamilya Caregiver at inaprubahan ng VA bilang Pangalawang Pamilya Caregiver para sa mga layunin ng PCAFC.

Mga Responsibilidad

Hinihikayat ng VA na ang mga pangunahin at pangalawang kapamilyang tagapag-alaga ay parehong gumawa sa sumusunod:

- Makipagtulungang mabuti sa koponan ng paggamot ng Veteran upang suportahan, itaguyod, at hikayatin ang Veteran sa pagtatamo ng pinakamataas na antas ng pagsasarili.
- Ipaalam sa Caregiver Support Program (CSP) Team kung may anumang pagbabago sa address ng Family Caregiver, numero ng telepono o iba pang contact information. Hinihikayat ng VA na kaagad magpapatid sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat o sa personal na pagbisita, na kinabibilangan ng epektibong petsa ng pagbabago.
- Ipaalam sa CSP Team kung hindi na pwede o kayang maglilingkod bilang Family Caregiver sa kapamilyang Veteran dahil sa anumang dahilan, kabilang na ang pagbabago sa pisikal o mental na kalagayan ng kalusugan, na nakakaapekto sa kakayahan nilang pangalagaan ang Veteran.
- Ipaalam sa CSP Team at ang pangunahing koponan ng pag-aalaga ng Beterano kung naobserbahan ng Family Caregiver ang anumang pagbabago sa pisikal o mental na kalagayan ng kalusugan ng Veteraner.
- Para sa Primary Family Caregiver Lamang: Ipaalam sa CSP Team kung ang Primary Family Caregiver ay nakikibahagi sa Programang Civilian Health and Medical Program ng VA (CHAMPVA) sa ilalim ng PCAFC at:
 - ◇ Naisakop sa ilalim ng kontrata ng programa o plano sa kalusugan tulad ng isang komersyal na health insurance plan, Medicare, Medicaid, o kompensasyon ng batas o plano ng mga Manggagawa. Paalala: Kung ang Primary Family Caregiver ay sakop ng kontrata sa kalusugan, hindi siya kwalipikado para sa CHAMPVA sa ilalim ng PCAFC.
 - ◇ Nagiging kwalipikado para sa TRICARE. Paalala: Ang mga indibidwal ay hindi kwalipikado para sa CHAMPVA kung sila ay kwalipikado din sa TRICARE.

Mga Kinakailangan

Ang mga sumusunod ay parehong kinakailangan mula sa Pangunahin at Pangalawang Kapamilyang Caregivers:

- Magsumite ng pinagsamang aplikasyon para sa Program of Comprehensive Assistance for Family Caregivers, VA Form 10-10CG. Ang (mga) Family Caregiver applicant at ang tinukoy na Veteran (o ang Kinatawan ng Veteran) ay kailangang maglagda at magsulat ng petsa sa aplikasyon.
- Maging hindi kukulangin sa 18 taong gulang at sumang-ayon na magsagawa ng personal na pangangalaga para sa Veteran.
- Maging miyembro ng pamilya ng Veteran, tulad ng asawa, anak na lalaki, anak na babae, magulang, miyembro ng pamilya, o kamag-anak; o kung hindi miyembro ng pamilya ng Veteran, ang (mga) Family Caregiver ay kailangang mamuhay kasama ang Veteran full-time o gagawin ito kung itinalaga bilang Family Caregiver.
- Kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang ebalwasyon sa pagiging caregiver, edukasyon at pagsasanay para maging caregiver, at ang paunang home-care assessment para makumpleto ng VA ang proseso ng pagtatalaga nang hindi lumampas sa 90 na araw matapos matanggap ng VA ang pinagsamang aplikasyon.
- Makibahagi sa lahat ng mga pagsusuri ng VA. Ang mga pagsusuri ay karaniwang ginagampanan sa taunang batayan, ngunit maaaring mangyari nang mas madalas kapag natukoy ng VA. Kabilang dito ay ang pagtiyak ng pagsasaalang-alang kung ang Veteran ay hindi kayang magsustento sa sarili sa loob ng komunidad para sa layunin ng buwanan na kompensasyon. Ang mga pagsusuri ay maaaring kabilangan ng pagbisita sa bahay ng Veteran.
- Makibahagi sa mga kontak para sa kaayusan. Patuloy na makikipag-ugnayan ang mga contact para suriin ang kapakanan ng Veteran, ang kahusayan ng personal na pangangalagang ibinigay ng (mga) Family Caregiver, at ang kapakanan ng (mga) Family Caregiver. Ang mga contact para sa kaayusan ay magaganap sa minimum na isang beses bawat 120 na araw, at hindi bababa sa isang beses sa bahay ng Veteran sa taunang batayan.

Dapat ipaalam sa VA ang mga sumusunod:

- Kapag ang Veteran ay lilipat sa ibang address. Mangyaring ipaalam sa CSP Team sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa personal na pagbisita oras ang Veteran ay lilipat sa bagong address. Ipatatid sa VA ang bagong address at petsa ng relokasyon. Kinakailangan matanggap ng VA ang patatid nang hindi lalagpas sa 30 araw mula sa petsa ng relokasyon. Kung hindi makakatanggap ng notification ang VA sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng paglipat, ang VA ay hihingi sa pagbawi ng overpayments ng mga benepisyo mula sa pinakabagong petsa na kumakailan ang pagtakda ng pagbabago ay naging epektibo kung ang VA ay naipaalam sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng relokasyon.
- Kung ang Veteran o isang Family Caregiver ay maninirahan sa isang institusyon na hindi kabilang sa pangunahing bahay katulad ng ospital, pasilidad para sa rehabilitasyon, bilangguan, "assisted living" na pasilidad, medikal na tahanan, nursing home, o iba pang katulad na lokasyon. Mangyaring ipaalam sa CSP Team sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa personal na pagbisita kapag ang Veteran o family Caregiver ay naglipat sa institusyon. Dapat makatanggap ang VA ng notification, sa hindi mahigit na 30 araw mula sa petsa ng institusyonalisasyon. Dapat isama sa notification kung inaasahang mananatili sa institusyon ang Veteran o Family Caregiver sa loob ng 90 araw o higit pa. Ang pagkaantala sa pag-abiso sa VA ng paglipat ng Veteran o family Caregiver sa institusyon, ay maaaring magresulta sa pagbabayad ng "overpayments" o sobra na mga benepisyo; mga "overpayments" ay napapailalim sa koleksyon na aksyon.
- Kung ang Beterano o isa sa mga Family Caregiver ay namatay. Mangyaring ipaalam sa CSP Team at ang pangunahing koponan ng pag-aalaga ng kalusugan ng Beterano sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o personal na pagbisita sa kaganapan ng pagkamatay ng Veteran o pagkamatay ng isang Family Caregiver. Dapat makatanggap ng notification ang VA ng hindi hihigit sa 30 na araw mula sa petsa ng pagkamatay. Ang pagkaantala sa pag-abiso sa pagkamatay ng Beterano o pagkamatay ng isang pangunahing Family Caregiver ay maaaring magresulta sa isang pagbabayad; mga "overpayments" ay napapailalim sa koleksyon na aksyon.

BETERANO



Tungkulin

Para sa layunin ng dokumentong ito, ang Veteran ay isang indibidwal na nagsumite ng joint application para sa partisipasyon sa PCAFC at para sa kung kaninong pangunahin o pangalawang Family Caregiver na inaprubahan at itinalaga ng VA. Ang Veteran ay tumatanggap ng personal na pangangalaga mula sa itinalagang (mga) Family Caregiver.

Mga Responsibilidad

Hinihikayat ng VA na ang Beterano ay gumawa sa mga sumusunod:

- Makipagtulungan nang malapit sa (mga) Family Caregiver at pangunahing koponan ng pangangalaga ng kalusugan upang matamo ang pinakamataas na posibleng antas ng pagsasarili.
- Ipaalam sa Caregiver Support Program (CSP) Team kung tumatanggap ng pangangalaga mula sa iba na hindi kagawad ng VA para sa layunin ng koordinasyon ng iyong pangangalaga.
- Ipaalam sa CSP Team kung ang itinalagang Family Caregiver ay hindi na handa o kaya na maglingkod bilang Family Caregiver para sa anumang dahilan kabilang na ang pisikal o mental na kalagayan ng kalusugan.

Mga Kinakailangan

Ang sumusunod ay ang mga kinakailangan mula sa Beterano:

- Magsumite ng joint application para sa Program of Comprehensive Assistance for Family Caregivers, VA Form 10-10CG. Ang Beterano (o ang Kinatawan ng Veteran) at ang (mga) Family Caregiver applicant ay kailangang maglagda at masulat ng petsa sa aplikasyon.
- Kumpletuhin ang lahat ng mga kinakailangang ebalwasyon at ang pangunahing pagsusuri sa tahanan para makumpleto ng VA ang proseso ng pagtatalaga nang hindi lumampas sa 90 na araw matapos matanggap ng VA ang pinagsamang aplikasyon.
- Patuloy na tumatanggap ng pag-aalaga mula sa isang koponan ng pag-aalaga ng kalusugan sa VA kung ang VA ay nagtatalaga ng Family Caregiver. Ang primary care team ay isa o higit pa na mga medikal na propesyonal na nagbibigay ng pag-aalaga para sa isang pasyente batay sa mga klinikal na pangangailangan ng pasyente. Kasama dapat sa mga koponan ng primary care team ang isang tagabigay ng alaga ng pangkalusugan sa VA tulad ng doktor, advanced practice na nars, o isang manggagamot na assistant.
- Tumanggap ng pangangalaga sa tahanan kung nagtatalaga ng Family Caregiver ang VA.
- Makibahagi sa lahat ng mga pagsusuri ng VA. Ang mga pagsusuri ay karaniwang ginagampanan sa taunang batayan, ngunit maaaring mangyari nang mas madalas kapag natukoy ng VA. Kabilang dito ay ang pagtiyak ng pagsasaalang-alang kung ang Veteran ay hindi kayang magsustento sa sarili sa loob ng komunidad para sa layunin ng buwanan na kompensasyon. Ang mga pagsusuri ay maaaring kabilangan ng pagbisita sa bahay ng Veteran.
- Makibahagi sa mga kontak para sa kaayusan. Patuloy na makikipag-ugnayan ang mga contact para suriin ang kapakanan ng Veteran, ang kahusayan ng personal na pangangalagang ibinigay ng (mga) Family Caregiver, at ang kapakanan ng (mga) Family Caregiver. Ang mga contact para sa kaayusan ay magaganap sa minimum na isang beses bawat 120 na araw, at hindi bababa sa isang beses sa bahay ng Veteran sa taunang batayan.

Dapat ipaalam sa VA ang mga sumusunod:

- Relokasyon ng Veteran sa bagong address. Mangyaring ipaalam sa CSP Team sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa personal na pagbisita oras ang Veteran ay lilipat sa bagong address. Ipatatid sa VA ang bagong address at petsa ng relokasyon. Kinakailangan matanggap ng VA ang pabatid nang hindi lalagpas sa 30 araw mula sa petsa ng relokasyon. Kung hindi makakatanggap ng notification ang VA sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng paglipat, ang VA ay hihingi sa pagbawi ng overpayments ng mga benepisyo mula sa pinakabagong petsa na kumakailan ang pagtakda ng pagbabago ay naging epektibo kung ang VA ay naipalam sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng relokasyon.
- Kung ang Veteran o isang Family Caregiver ay maninirahan sa isang institusyon na hindi kabilang sa pangunahing bahay katulad ng ospital, pasilidad para sa rehabilitasyon, bilangguan, "assisted living" na pasilidad, medikal na tahanan, nursing home, o iba pang katulad na lokasyon. Mangyaring ipaalam sa CSP Team sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa personal na pagbisita kapag ang Veteran o family Caregiver ay naglipat sa institusyon. Dapat makatanggap ang VA ng notification, sa hindi mahigit na 30 araw mula sa petsa ng institusyonalisasyon. Dapat isama sa notification kung inaasahang mananatili sa institusyon ang Veteran o Family Caregiver sa loob ng 90 araw o higit pa. Ang pagkaantala sa pag-abiso sa VA ng paglipat ng Veteran o family Caregiver sa institusyon, ay maaaring magresulta sa pagbabayad ng "overpayments" o sobra na mga benepisyo; mga "overpayments" ay napapailalim sa koleksyon na aksyon.
- Kung mamatay ang Family Caregiver. Mangyaring ipaalam sa CSP Team at ang pangunahing koponan ng pag-aalaga ng kalusugan ng Beterano sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o personal na pagbisita sa kaganapan ng pagkamatay ng isang Family Caregiver. Dapat makatanggap ng notification ang VA ng hindi hihigit sa 30 na araw mula sa petsa ng pagkamatay. Ang pagkaantala sa pag-abiso sa pagkamatay ng pangunahing Family Caregiver ay maaaring magresulta sa isang pagbabayad; mga "overpayments" ay napapailalim sa koleksyon na aksyon.



PROGRAMANG TAGAPAG-ALAGA (Caregiver Support Program) KOPONAN

Tungkulin

Ang Caregiver Support Program (CSP) Team ay binubuo ng mga indibidwal sa VA medical center na sumusuporta sa mga Beterano at kanilang tagapag-alaga na nag-apply o lumahok sa PCAFC.

Mga Responsibilidad

Ang sumusunod ay ang mga responsibilidad ng CSP Team:

- Maglingkod bilang tagapamagitan sa pagtiyak ng makuha na mga serbisyo at benepisyo para sa mga tagapag-alaga at Beterano, kabilang na ang mga referral sa Programa ng General Caregiver Support Services, kapag naaangkop.
- Magbigay ng edukasyon at impormasyon tungkol sa mga kinakailangan upang maging kwalipikado sa PCAFC, ang proseso ng aplikasyon, at patuloy na pakikilahok.
- Ipaalam sa mga aplikante ng Family Caregiver sa mga serbisyo sa pagsuporta at mga benepisyo na kanilang makukuha kung maaaprubahan para sa PCAFC. Kasama dito ang buwanang kompensasyon o stipend at CHAMPVA para sa Primary Family Caregivers, kung angkop.
- Makibahagi sa mga Beterano at Family Caregiver ng mga aplikante sa aktibong komunikasyon sa buong proseso ng aplikasyon at magbigay ng malinaw na komunikasyon tungkol sa anumang pagsunod-sa-panahon o pagbabago sa katayuan ng programa, kasama ang impormasyon tungkol sa pagbawas at pag-discharge.
- Sagutin ang mga tanong at problema ng mga Beterano at mga kapamilyang tagapag-alaga.

Mga Kinakailangan

Ang sumusunod ay ang mga kinakailangan ng CSP Team:

- Pagtulong sa pagproseso ng mga aplikasyon sa PCAFC, VA Form 10-10CG, kasama ang koordinasyon sa angkop na mga tauhan ng: lahat ng kinakailangang ebalwasyon, pakikipagtulungan sa pangunahing koponan ng pag-aalaga sa pinakamataas na lawak na pinapayagan, edukasyon at pagsasanay sa pag-aalaga, at pagsasanay sa pangunang pagsuri ng tahanan.
- Makipag-ugnayan sa mga kontak, na kinabibilangan ng kahit isang pagbisita sa bahay ng Veteran sa taunang batayan, upang repasuhin ang kapakanan ng Veteran, sapat na personal na serbisyo na inilaan ng Family Caregiver at ng kapakanan ng (mga) Family Caregiver.
- Makipag-ugnayan sa mga reassessment.
- Magbigay ng 60 na araw na advanced na paunawa ng pagbawas ng stipend dahil sa reassessment, kapag naaangkop.
- Magbigay ng 60 na araw na advanced na paunawa sa partikular na mga pagkakataon ng discharge at pagbawas, kapag angkop.
- Magbigay ng nakasulat na paunawa ng mga desisyon ng PCAFC, kabilang na ang karapatang humingi ng karagdagang pagsusuri o apela.
- Ireport ang anumang hinala ng pang-aabuso o kapabayaan sa bawat PATAKARAN NG VA.
- Pangalagaan ang kumpidensyalidad at protektadong impormasyon ng kalusugan ng Veteran at Family Caregiver alinsunod sa VA Policy, kabilang ang anumang caregiver electronic health record.

****Ang seksyon ng mga responsibilidad at kinakailangan sa Caregiver Support Program (CSP) Team sa dokumentong ito ay hindi nakakadaig sa anumang magkakasalungat na deskripsyon, functional statement, o kwalipikasyon ng mga pamantayan.***

Paano Makipag-ugnay sa iyong Caregiver Support Program Team

Maaaring mahanap ng mga Beterano at tagapag-alaga ang kanilang lokal na Caregiver Support Coordinator sa pamamagitan ng...



Pagtawag sa Caregiver Support Line sa 1-855-260-3274 - Toll free - Pinalawig na Oras (Lunes-Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 10:00 p.m. ET; Sabado 8:00 a.m. hanggang alas-5:00 p.m. ET)



Paggamit ng Caregiver Support Program Team locator tool sa: www.caregiver.va.gov/support/New_CSC_Page.asp

Ang online application ay makukuha sa: <https://www.va.gov/family-member-benefits/apply-for-caregiver-assistance-form-10-10cg/introduction>